
NOT FOR SALE

# VALENZUELA NGAYON

Taon 5 Blg 11 | VALENZUELA, MAY DISIPLINA! | Mayo - Hunyo 2009




## MAAYOS NA PAMILYA SA LUNGSOD...

pahina 2




PhilHealth Card...

page 7



249 SUMALI...

page 2

E-mail mo si Mayor! mayorwin@valenzuela.gov.ph website: www.valenzuela.gov.ph

## Maayos na pamilya sa Lungsod ng Valenzuela

Bilang handog pasasalamat sa 9 na taong suporta at pagmamahal, mayroong 156 na pares ang ikinasal ni Mayor WIN Gatchalian at hinandugan pa niya ng mga regalo noong ika-4 ng Abril, na ginanap sa Valenzuela Astrodome.

Lahat ng mga ikinasal ay may taglay na Marriage License. Ang proseso at pagsasaayos ng mga kinailangang dokumento sa naturang kasalan ay umabot ng halos dalawang buwan ng matiyagang pagkumpleto rito.



Si Mayor WIN Gatchalian habang ginaganap ang tungkulin sa 156 na pares na nagpakasal noong Abril 4, 2009 sa Valenzuela Astrodome

Ang pinakabata sa mga ikinasal ay may edad na parehong 18 taong gulang. Animnapu't apat na taong gulang naman ang pinaka may edad at limampung taong gulang naman ang kanyang asawang babae.

Lahat ng mga ikinasal ay mga nagsasama na, na minarapat ng mga pastor sa lungsod na tulungang maisaayos ang kanilang pagsasama bilang mag-asawa, legal sa paningin ng tao at maayos ayon sa pamantayan ng Dios.

Sa ugnayan at pakikipagtulungan ng Valenzuela Pastoral Network, Administrative Records Office at Public Information Office ng Pamahalaang Lungsod ay matagumpay na naisaayos ang pagsasama ng mga ikinasal.

Lahat ng mga kinailangang dokumento ay narehistro na sa Local Civil Registrar.

Ginagampanan ni Mayor WIN ang tungkuling magkasal minsan sa isang linggo. ■




## 249 SUMALI SA 2ND MAYOR WIN GATCHALIAN FUN FISHING TOURNAMENT

Dinaluhan ng mga professional anglers mula sa Metro Manila, karatig na mga bayan at probinsya na may mga foreigner pa ang ginanap na **2nd Mayor WIN Gatchalian Fun Fishing Tournament** sa dalawang magkahiwalay na araw ng Mayo. Ito ay pinangunahan ni FCC Lorena N. Borja ng Youth, Sports and Livelihood Development Office, ni Mr. Bars de Sotto ng Valenzuela City Cultural Affairs and Tourism Office sa pakikipagtulungan ni PB Renato Bernardo at ni Mr. Bien Peñaranda ng Filipino Anglers Association.

Noong ika-2 ng Mayo sa Llenado Fishing Farm sa Bgy. Tagalag, matapos ang isang simpleng programa at pagbibigay ng



mga alituntunin sa tournament ay mahigpit na nagpaligsahan sa pamimingwit ang 110 kalahok mula ika-7 ng umaga hanggang ika-2 ng hapon.

Nagpatimbang ng nahuling isda ang mga kalahok pagkaraan ng itinakdang oras. Sa hanay nang mga nagwagi ay itinanghal si Mr. Corman Beluso, na nakamit ang Biggest Bangus Award.

Ginanap naman ang pangalawang bahagi ng paligsahan noong Mayo 17, 2009 sa Ramos Fishing Farm, Coloong I, Valenzuela City na umabot sa 139 ang kalahok. Pareho rin ang oras at alituntunin ng paligsahan. Mas malalaki at iba't-ibang uri ng isda ang mga nahuli dito.

Pinangunahan ni Cong. REX Gatchalian at FCC. Lorena N. Borja ang paggawad ng mga award. Ang mga nagsi-pagwagi ay ang mga sumusunod: si Mr. Vic Villanueva sa Biggest Apahap (5.25 kgs.); At sa Biggest Bangus ay si G. Emerson Cacho sa 1st place (1.64 kilo). Sa kategoryang Biggest Tilapia: si Mr. Elmer Baldonado 1st place (1.30 kilo); Si Mr. Jacinto Concepcion (75 yrs. old) nakamit ang para sa Oldest Angler Award; si Niel Beltran (5 yrs. old) sa Youngest Angler Award; si Mr. Rufing Davadilla, isang Filipino-Japanese para sa Imported



Angler Award; si Jam Pangarungan ng Nueva Ecija, ang sa Farthest Local Angler Award; ang Beltran Family ay nakamit ang Family Anglers Award;

Ang mga nagsipagwagi ay tumanggap ng tropeo at kaukulang gantimpala na personal na iniabot ni Cong. REX Gatchalian. Ang paligsahang ito ay pangalawang taon nang matagumpay na isinasagawa. ***"Layunin ni Mayor WIN na maipakilala ang Valenzuela City na bagaman ito ay isang lungsod ay mayroon pa rin na maituturing na mga tourist spot dahil sa angkin nitong malalawak at malilinis na mga palaisdaan"***, pahayag ni Cong. REX Gatchalian. ■

## FINANCIAL ASSISTANCE FOR RELOCATION

The City Government of Valenzuela extended financial assistance to the affected families of the NLEX C5, Segment 8.1 Project.

The 770 families from Sitio Kaingin and Kabatuhan who were relocated to Lambakin, Marilao received Php 3,000.00 as financial assistance from the City, or for a total amount of Php 2,310,000.00.

Some families who were disqualified for relocation were also extended Php 3,000.00 financial assistance, with a partial amount of Php 29,000.00.



The remaining number of affected families are still being validated by the City Social Welfare and Development Office (CSWDO), subject for the same financial assistance.

Of the 2,911 NHA target for the relocation, 2,606 families or 89.5% were actually given the housing assistance package in various resettlement sites and availed of Balik Probinsya Package.

There were 450 families who were not able to comply with the pre-qualification requirements of the NHA and were therefore disqualified from the relocation projects.

Most of these are census inclusions or those who claim to have lived in the area but were not included in the conduct of census or were not actually affected by the project.

Trucking assistance was provided to disqualified families and some were given financial assistance, as per verification of the City Social Welfare and Development Office. ■

MS. ELENITA REYES

## FIRST E-VOTING SCHOOL IN THE COUNTRY

Instead of the usual way of selecting the student council representatives, one school in Valenzuela City which is the Sitero Francisco Memorial National High School, made a mark in public school history.

Before the end of the previous school year, SFMNHS launched its first automated voting system for this year's student council. The main objective of the said e- election was to prepare the students for the computerized voting which they will later experience in the real world."I wanted to prepare them for what's going to happen in 2010. We are hoping for a successful electronic voting system so we might as well use this now in the student council so the students can experience it first- hand," SFMNHS principal Cesar C. Villareal said.



Before the actual e-election, 1,480 student underwent an orientation. The said orientation aimed to teach the students how to go about the electronic election process.

To insure that there will be no "flying voters", the student voters were asked to present their ID's. After which, they were asked to place their thumbprints and signatures next to their names on the voters list. Watchers stayed in the polling precinct all throughout the election process to make sure that cheating will not happen.

The results of the vote were automatically tallied. Should there be a power failure, a backup power supply is available and will not affect the electoral process.

Vincent San Joaquin a former valedictorian of the school together with his fellow classmates in AMA developed the program or software used in the entire voting as commissioned by the school principal. ■

JJ AMELDA

## SUPER MAY • AERO FESTIVAL – PART 2

On May 1, Labor Day 2009, at the spacious parking lot of Puregold Price Club Inc., Mc.arthur hi-way, Dalandanan, Valenzuela City at 5:30 a.m., the second city-wide aerobics event was held with more or less a thousand participants in support for the advocacy campaign to make Valenzuela City-***"The Aerobics Capital of the Philippines"***.



Aerobics exercise with city-wide participation of Valenzuelanos last May 1 @ 5.30am, infront of Puregold Supermarket-Valenzuela

Its main objective is to establish a unified and healthy citizenry which is the wealth of our city and its realization will make every citizen of Valenzuela City proud to be Valenzuelano.

It was organized by the Concerned Citizens Alliance of Valenzuela City, Inc. through its ***"May malasakit kami sa lungsod ni Pio"*** health program with the support of Mayor WIN T. Gatchalian, the city and barangay officials. ■

**MR. FIL DE GUZMAN**

## MARAMIHANG BINYAGAN

Dalawang simbahan ang nagprograma ng Mass Baptism noong ika-4 ng Abril na parehong sinuportahan ni Mayor WIN Gatchalian bilang handog pasasalamat sa mamamayan na may kabuuang 151 mga bata ang tumanggap ng sakramento ng binyag.



Isang bata ang binibinyagan ni Rev. Fr. Cennon Dennis Santos sa Mass Baptism habang nakamasid si Mayor WIN Gatchalian

Ang una ay sa Holy Family Catholic Church sa Barangay Karuhatan, na may 129 mga bata ang bininyagan sa pangunguna ni Rev. Fr. Cenon Dennis Santos.

Sa Risen Lord Catholic Church sa Barangay Veinte Reales naman ang isa pa, na may 22 ang bininyagan sa pangunguna ni Rev. Fr. Ted Esguerra. ■

## PUSTISO NINYO, SAGOT KO!

Pinangunahan ni Mayor WIN kasama sina Dr. Jaime Exconde Jr. at Dr. Arsenio C. Donesa ay ipinamahagi ang libreng mga pustiso sa 60 na mga mamamayang may problema sa gilagid ng Lungsod ng Valenzuela noong ika-3 ng Abril sa Valenzuela Convention Center.



Ang pamamahagi ay matapos ang screening process, na may tatlong hakbang: una ay ang impression o bite registration, pangalawa ay trial fitting, at pangatlo ay ang installation.

Sa kasalukuyan ay may 210 piraso na ng pustiso o 105 mga mamamayan na ang nakakabitan ng libreng pustiso.

Ang programa ay naglalayon na makapag-bigay ng 250 pares ng pustiso o para sa 125 katao, kaya't sa kasalukuyan ay 20 mamamayan pa ang inaayos ang kanilang mga libreng pustiso. ■

## MANO PO SAN ROQUE!

Nakiisa at umindak nang sayaw ang Valenzuela GSP sa Kapistahan ni San Roque sa Bgy. Mabolo noong ika-12 ng Mayo bilang alay pasasalamat sa patuloy na pagsigla ng Girl Scouting sa Lungsod ng Valenzuela.



Pinamahalaan ni FCC Elizabeth Chongco, ang mga miembro ng grupo kasama ang kanilang mga guro sa kapistahan ng Patron. Sa naturang okasyon ay makulay at masiglang namalas muli ang kulturang-yaman ng Valenzuela na maraming taon na ang lumipas ay taun-taon itong ipinagdiriwang ng mga Valenzuelano at ng mga panauhin. ■

## a gift of blood is a gift of life

The Valenzuela Chapter of Philippine National Red Cross recently held ***"Dugo Mo Karugtong ng Buhay Ko"*** Blood Letting Program at Valenzuela Convention Center with 37 good hearted blood donors headed by Mayor WIN and FVM Tony Espiritu followed by employees from different department of the City Government of Valenzuela.



Each donor gave a 450cc amount of healthy blood. Every second-timer donor received a membership card which entitled them to draw the same from the PNRC when they or their relatives needed it, While every first-timer donor received a member-ship card which entitled them to a priority list when they needed the same for a minimal cost.

According to Dr. Marilyn C. Liwanag, there are 75 registered willing donors but only 37 passed the medical screening.

After the blood letting, the blood was medically treated for safekeeping and readied for prompt availability whenever someone need-ed it for emergency medical use and operation.

This program truly saves and adds lives.

"It gives me happiness and a strong sense of service to our fellowmen, knowing that what i gave is really a part of me, it's my own blood. I hope it could really help someone improve his health or maybe adds life" says Mr. Rafael Porcincula, a blood donor. ■

## KAPISTAHAN NG MAHAL NA BIRHEN NG FATIMA

Ipinagdiwang ng mga Valenzuelano at ng mga deboto mula sa iba't ibang panig ng bansa ang Kapistahan ng Mahal na Birhen ng Fatima sa pamamagitan ng tradisyunal na prusisyon ng mga imahe ng Mahal na Birhen.

Isang misa ang pinamunuan ng Mahal na Obispo Jose Francisco Oliveros para sa mga deboto na dumalo upang makiisa sa pagdiriwang na ginanap sa Pambansang Dambana ng Fatima. Sinabi ng Mahal na Obispo sa kanyang sermon na bilang mga Kristiyano, marapat lamang na ibahagi natin sa isa't isa ang pag-ibig at kapayapaan na handog ng Mahal na Birhen para sa sanlibutan.

Ang prusisyon ay pinangunahan ng imahe ng San Jose, Sto. Niño de Fatima, Nuestra Señora de Esperanza, Nuestra Señora dela Merced, Immaculada Concepcion de Malolos Domina Nostra Adunationis, Nuestra Señora de Lourdes, Nuestra Señora dela Victoria, Nuestra Señora dela Paz y Buen Viaje de Antipolo, Nuestra Señora de Salambao, Nuestra Señora de Peñafrancia, Nuestra



Señora de los Remedios, Nuestra Señora de Soledad de Porta Vaga, Nuestra Señora dela Rosa at Nuestra Señora de Fatima na mula pa sa mga karatig probinsya.

Si Mayor WIN Gatchalian, na siyang nag-isponsor ng mga karosang ginamit para sa prusisyon, ay dumating kasama sina Kon. Shalani Soledad, Kon. Kate Galang-Coseteng, Kon. Boy Padrinao at Vice Mayor Eric Martinez.

Si Gng. Benita de Leon ang tumayong Hermana Mayor para sa kapistahan ngayong taon, samantalang si Gng. Zenaida Arenas naman ang namuno ng pagdiriwang noong nakaraang taon.

"Sa tuwina, ang Lokal na Pamahalaan ng Lungsod ng Valenzuela ay sumusuporta at magbigay tulong sa mga pagdiriwang na tulad ng Kapistahan ng Mahal na Birhen ng Fatima. Ang ating mga kababayang Valenzuelano ay may malalim at taimtim na pananalig sa Mahal na Birhen", ayon kay Mayor WIN sa isang panayam. ■

**MS. JEHAN D. TORDA**

## LUNGSOD NG VALENZUELA PINARANGALAN!

Sa pagdiriwang ng World Theatre Week, ang Lokal na Pamahalaan ng Lungsod ng Valenzuela ay tumanggap ng parangal bilang isa sa dalawampung "Culture Friendly Local Government Units" sa buong Pilipinas. Ang seremonya ng parangal ay ginanap sa Palasyo ng Malacañang noong ika-27 ng Marso.

Bilang pagkilala sa dedikasyon ng Lungsod ng Valenzuela sa pagpapaunlad at paglinang ng kultura at sining, tinanggap ni Dr. Nedeña Torralba, Presidente ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela at Chairman ng VCCPA, ang tropeong "Sarimanok" na idinesenyo ng National Artist para sa Iskultura na si Dr. Abdulmari Asia Imao.

Dalawampung lokal na pamahalaan mula sa 79 probinsiya, 118 lungsod at 1,509 munisipalidad ang napiling parangalan upang kilalanin ang kanilang mga kontribusyon sa paglinang at pagpapayaman sa ating kultura. Ang nasabing pagkilala sa mga "Culture Friendly Local Government Units" ay pinamunuan ni Dr. Alejandro Roces, Chairman ng International Theatre Institute (ITI) at National Artist para sa larangan ng literatura, sa pakikipatulungan ng Kalihim ng National Commission for Culture and Arts (NCCA) na si Dr. Wilma Labrador at ang Office of the President – PA on Culture (OPAC).

Sa pagkakatatag ng Valenzuela City Center for the Performing Arts alinsunod sa Kautusan Bilang 2000-036, ang Lungsod ng Valenzuela ay umani na ng pagkilala para sa mga hindi matatawarang ambag sa ating kultura tulad ng Sandosenang Sapatos, Nom de Plume: Madlang Away, at Ang Mga Awit ng Ibong Adarna, pawang mga orihinal na likhang dulang musikal.

Tatlong taon na ang nakararaan ng magbunga ang hangarin ni Mayor WIN Gatchalian na mapreserba at malinang ang kultura ng Lungsod ng Valenzuela, kaya't isinilang ang VCCPA upang maging tahanan ng mga kabataang Valenzuelano sa pagpapaunlad ng kanilang mga talento at kakayahan. ■

**MS. JEHAN D. TORDA**

## COLOGNE AND PERFUME MAKING SEMINAR

Nagsagawa ang City Livelihood Development Office ng ***"Cologne and perfume Making"*** bilang bahagi ng **WIN na WIN ang Kabuhayan Program**, isang proyekto na isinusulong sa pangunguna ni Mayor WIN,




Si FCC Lorie Natividad Borja, Ms. Kelly Francisco, Mrs. Ligaya Antonio at Mrs. Herminda Tadeo sa Cologne and Perfume Making Seminar

sa pakikipagtulungan ni Cong. REX at sa pamamahala ni FCC Lorie Natividad Borja.

Ginanap ang programa noong ika-18 ng Mayo sa Valenzuela Convention Center na dinaluhan ng 80 Valenzuelano na nagnanais na madagdagan ang kaalaman at kasanayan sa hanapbuhay. Naging maayos at matagumpay na naibahagi ang naturang pagsasanay dahil na rin sa husay at kaalaman ng tagapagturo na si Ms. Kelly Francisco at ng kaniyang mga kasamahan.

Para sa karagdagang kaalaman ukol sa naturang seminar, maaaring makipag-ugnayan sa City Livelihood Development Office tel. 352-1000 loc. 1824 at hanapin si Ms. Kelly F. Francisco. ■

## OPERATION FREE CIRCUMCISION

Ang ***Operation Tule*** na programa ni Mayor WIN Gatchalian at ng Valenzuela City Health Department ay libreng nag-opera sa pagtutule sa may kabuuang 352 mga kabataang lalake na ginanap sa apat na magkakahiwalay na lugar na nagtapos noong ika-3 ng Abril.

Ang apat na lugar na pinagdausan ng programa ay ang mga sumusunod: Arty Covered Court, Lawang Bato na may 48 ang naoperahan; Gen. T. de Leon National High School na 100 ang inoperahan; Marulas Central School, 104 ang naoperahan; at Malanday Covered Court, 100 ang naoperahan.

Ang apat na mga duktor na mga nanguna sa naturang programa ay sina Dr. Arnel Gutierrez, Dr. William Altobar, Dr. Alberto Guinto at Dr. Licurgo Dumo. Ang nasabing mga duktor ay pawang mga nagsagawa ng operasyon sa tulong ng kanilang mga assistant team leader na nagbigay ng libreng kaukulang mga gamot na kinakailangan pagkatapos ng operation tule. Karaniwan sa mga natule ay nagsasabing binata na raw sila.




Ang ginanap na Operation Tule sa Marulas Central School noong nakaraang summer vacation ng mga mag-aaral.

"Hindi na ako tutuksuhing supot, mabilis na akong tatangkad at binata na ako!" tuwang-tuwang sabi ni Conrad Cruz, 13 taong gulang na nagpatule sa Gen T. de Leon National High School. ■

## CHECK-UP, GAMOT, BUNOT NG NGIPIN AT SALAMIN SA MATA

May bilang na 1,470 ang mamamayang naserbisyuhan sa isang programa ng medical mission noong ika-18 ng Abril na ginanap sa Jesus Our Life Christian Church, Barangay Maysan na magkakasamang pinangasiwaan nina Mayor WIN Gatchalian,



Ibinibigay ni Ms. Jobelle Baniago ang mga gamot sa isang mamamayan noong April 18 Medical Mission sa Bgy. Maysan

Ms. Dorothy Evangelista ng Special Projects Office, ni Dr. Jaime Exconde Jr. ng City Health Department at Ptr. Sonny Tiquia ng Sagip-Tanaw Foundation.

Ang nabigyan ng pagsusuring medikal ay may bilang na 930 katao na pawang napagkalooban din ng mga kaukulang gamot. Nabunutan naman ng ngipin ang 120 mamamayan na binigyan din ng kaukulang mga gamot . Nagkaroon din ng cataract screening at 420 katao ang pinagkalooban ng libreng salamin na sakto sa grado ng kanilang mga mata.

Personal na tumulong at namahala si Mr. WES Gatchalian sa pamamahagi ng mga gamot at pag-aayos ng mga mamamayan sa naturang medical mission.

Lahat ng serbisyo at mga gamot ay mula sa Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela, ngunit ang salamin sa mata ay mula sa kagandahang loob ni Ptr. Sonny Tiquia ng Sagip-Tanaw Foundation. Ang medical mission ay sa pakikipagtulungan din ng pamunuan ng Jesus Our Life Christian Church na siyang nagpagamit ng kanilang lugar para sa naturang paglilingkod bayan. ■

## WHEELCHAIR AT TUNGKOD PARA SA MAY KAPANSANAN

Namalas ang kagandahang loob para sa mga may kapansanan nang isagawa ang isang "Wheelchair Turn-over Ceremony" upang ipagkaloob ang 132 mga wheelchair at 47 mga tungkod noong Marso 19, 2009 na ginanap sa Valenzuela Convention Center.

Ang mga naturang wheelchair at tungkod ay magkatuwang na kaloob nina Mayor WIN Gatchalian at Senador Kiko Pangilinan sa pakikipag-ugnayan ng Special Projects Office sa pamumuno ni Gng. Dorothy Evangelista at ni Councilor Adrian Dapat, ang action officer ng Disabled Persons Affairs Committee.

Umabot sa 78 katao ang napagkalooban sa naturang programa; 62 ang tumanggap ng wheelchair at 16 naman sa tungkod. Bakas sa mukha ng mga tumanggap ang kagalakan at maging ang kanilang mga kaanak ay tuwang tuwa sapagkat sa pamamagitan nito ay may kaluwagan at tulong sa kanilang pag-aalaga.

Hangarin ng ating butihing Mayor na mabigyan ng hindi lamang pinansyal na tulong kundi maging sa mga bagay na makakapagbigay ng ginhawa sa mga may kapansanan at maging sa mga kasambahay na kumakalinga para sa kanila

Patuloy pa rin ang pakikipag-ugnayan ng Special Projects Office upang matulungan ang lahat ng nangangailangan ng wheelchair. Sa kasalukuyan ay umaabot na sa 88 na wheelchair ang naipagkaloob at ang 47 na tungkod ay naipamigay ng lahat. Ang sinumang nangangailangan ng



Wheelchair Turn Over Ceremony, March 19, kasama si Dr. Jaime Exconde Jr., Mayor WIN, Councilor Adrian Dapat, Ms. Dorothy Evangelista, Rev. Ellen Castillo, FVM Jing Hernandez, mga tumanggap ng wheelchair at kanilang tagapag-alaga.

wheelchair ay maaaring makipag-ugnayan sa Special Projects Office, telephone no. 352-1000 loc.1828 at hanapin si Ms. Marilou Capacillo. ■

## ALTERNATIVE LEARNING SYSTEM PAGTATAPOS 2009

Ang ***Alternative Learning System*** ay nagdaos ng pagtatapos noong ika- 12 ng Mayo taong kasalukuyan sa Valenzuela City Auditorium. Ito ay para sa mga nakapasa ng ALS Accreditation and Equivalency (A&E) Test na ginanap noong ika-26 ng Oktubre taong 2008.



Kinakamayan ni Mayor WIN ang isang mapalad na nagtapos noong May 12, ng ALS graduation sa Valenzuela City Center for the Performing Arts

Ang nasabing pagdiriwang ay dinaluhan ng iba't ibang piling panauhin sa ating Lokal na Pamahalaan sa pangunguna ng ating Mahal na Punong Lungsod Sherwin T. Gatchalian kasama ang ating Ikalawang Punong Lungsod Eric Martinez; Kgg. Cecil Mayo na naging representasyon ng ating Kinatawan sa Ikalawang Distrito Magtanggol Gunigundo; Kgg. Fernando Padrinao; Kgg. Kate Galang-Coseteng; at mga Punong Barangay na sina PB Francisco Delina at PB Eligio Bautista. Dumalo rin sa nasabing pagtatapos ang mga kinatawan ng Kagawaran ng Edukasyon sa pangunguna ni Dr. Virginia Silvestre-ALS Chief ng NCR; Dr. Teresita Guevarra-Regional Supervisor; at Mr. Baltazar M. Gayem-District Supervisor at In-charge of ALS sa Valenzuela. Ang ibang miyembro ng Literacy Coordinating Council ay nagsipagdalo rin tulad nina Dr. Nedeña Torralba at Mr. Ramon Ching.

Naghandog ng regalo si Kgg. Fernando Padrinao sa mga nagsipagtapos at pati na rin sa mga piling Instructional Managers. Ang nasabing pagdiriwang ay naging matagumpay sapagkat makikita sa bawat mga dumalo ang kanilang kagalakan na mamasdan ang mga dating Out-of-School Youth at Adults na suot ang kani-kanilang toga na umaakyat ng entablado upang abutin ang kanilang diploma. Lubos ang pasasalamat sa ating Lokal na Pamahalaan at sa Kagawaran ng Edukasyon ng bawat magulang ng mga nagsipagtapos sapagkat nabigyan ng pagkakataon ang kanilang mga anak na maipagpatuloy ang kanilang pag-aaral sa tulong ng programa ng Alternative Learning System. ■

**MARIA JENNICA B. SY**

## 9 WAYS TO SAVE YOUR CHILD

Isinasagawa ang ***Garantisadong Pambata*** Health Program dalawang beses taun-taon tuwing Abril at Oktubre sa mga batang limang (5) taong gulang ang edad pababa. Ito ay upang mabawasan ang bilang ng mga batang nagkakasakit at namamatay sa mga sakit na maaari namang maiwasan. Ngayong taon na ito ay may siyam (9) na paraan upang mailigtas ang ating mga anak:

1. Ang pagtuturo sa mga buntis o magbubuntis pa lamang na kaagad mag pakonsulta ng regular at manganak lamang sa mga bihasang propesyonal na nagpa paanak at ang pagpapakonsulta pagkatapos manganak.
2. Pagbibigay ng tamang pangangala ga sa bagong panganak na sanggol (newborn screening).
3. Eksklusibong pagpapasuso sa sanggol at tamang nutrisyon habang sila ay lumalaki.
4. Pagbibigay ng bitamina A at pampurga.
5. Pagpapabakuna ng ina at ng bata ayon sa iskedyul.
6. Tamang paraan ng pangangalaga para sa mga batang may sakit.
7. Pag–iwas at pagkontrol ng mga sakuna sa mga bata sa pamamagitan ng pagbibigay lamang ng ligtas na laruan na naaayon sa kanilang edad.
8. Responsableng pagpapamilya o tamang pag–aagwat ng anak upang mapangalagaan ng husto ang mga ito.
9. Kalinisan sa kapaligiran at sariling pangangalaga ng katawan lalong– lalo na ng pagtuturo ng tamang paraan ng paghuhugas ng kamay.

Sa paglulunsad na isinagawa noong ika–15 ng Abril 2009 sa Sitio Kabatuhan, Gen. T. de Leon, Valenzuela City tayo ay binisita ni Dr. Jade Del Mundo, Undersecretary ng Department of Health na nagpahayag ng napakahalagang mensahe sa mga nanay na may anak na limang taong gulang pababa at sinundan ng pagbibigay ng bitamina A at tabletang pampurga. ■ **MS. PIA S. DIZON**

## GSP VALENZUELA TROOP LEADERS SA CENTRAL LUZON REGIONAL TRAINING

Mayroong 22 troop leaders, district field advisers, district chairman at council executives ang dumalo sa iba't-ibang training na itinaguyod ng GSP Central Luzon noong ika-19 ng Abril hanggang ika-9 ng Mayo, 2009 sa CLR Program & Training Center, Bamban, Tarlac at



Ang Valenzuela GSP sa Troop Leaders Central Luzon Regional Training

Ating Tahanan Program & Training Center, Baguio City.

Isinagawa ang training bilang bahagi ng Regional Plan of Work para sa huling kwarter ng triennium 2006-2009. Layunin nito na palakasin ang Girl Scouting sa buong Central Luzon Region at mabigyan ng karagdagang kaalaman at kasa nayan ang mga bagong miyembro nito bilang paghahanda na rin sa muling pagkalap ng mga bagong kasapi para sa school year 2009-2010.

Ang training ay nahati sa apat na grupo: ang Training for Trainers, District Committee Chairmen & District Field Advisers Partnership, Age Level Specialization at Council Presidents and Council Executives Training. Ang bawat grupo ay sumailalim sa iba't ibang mga pagsasanay na tunay na nakadagdag nang maraming kaalaman.

Muling nagpakita ng suporta ang Pamahalaang Lungsod sa pangunguna ni Mayor Sherwin T. Gatchalian sa pamamagitan ng pagsagot sa registration fee ng mga kalahok sa nabanggit na training. ■

**MS. ROSARIE R. CARLOS**

## NEW SOUND SYSTEM FOR PUBLIC SCHOOLS

It is another day of gladness for the school principals when Mayor WIN Gatchalian together with city government officials distributed the newly purchased 55 units of sound system intended for the city's public schools.

***"Napansin kasi namin noong nakaraang mga graduation program ng ating mga paaralan na mahihina na ang inyong mga sound system, at ang iba ay hindi na halos marinig ng maayos. Kaya't nag-usap kami ni Congressman REX na bigyan lahat ng sound system ang ating mga paaralan"***. Mayor WIN said in his speech during a simple turn-over ceremony held last May 11 at Maricopa Restaurant.



The said units are highly innovative portable and lightweight audio sound system, easy to use, with 6 channel mixer for 4 microphones, 1 for stereo and 1 for built-in CD player, a Fender speaker with design for optimal sound and clarity, complete with all its accessories.

The beneficiaries for these equipments are the 38 public Elementary Schools and the 17 public Secondary Schools of the city.

In response, the principals extolled the present city government leadership and word of gratitudes were expressed by Dr. Darino G. Elizaga in behalf of Elementary School Principals and by Mr. Meliton P. Zurbano in behalf of the Secondary School Principals. ■

## Valenzuela City Pandemic Influenza Task Force

Amidst rising global alarm over the possible outbreak of the influenza A (H1N1), also known as "swine flu", Valenzuela City Mayor Sherwin Gatchalian issued on May 4, 2009 Executive Order No. 2009 – 120, creating the Valenzuela City Pandemic Influenza Task Force.

Mayor Gatchalian says, "Although there is no direct threat to our city and we have no suspect cases, we have to make sure that we are prepared to deal with whatever situation, and likewise be able to undertake measures to prevent the spread of the virus and to protect the health and well-being of our constituents."

The task force is headed by Mayor Gatchalian as Chairman, with Dr. Jaime Exconde Jr., OIC-City Health Office, as Vice Chairman, Mr. Roberto B. Darilag, Chief, City External Services Office, Dr. Nestor Manzano, City Agriculturist, Dr. Basil Sison, City Veterinarian, and P/SSupt. Ranier Idio, Chief, VCPS, as members.

The task force is mandated to:

1) facilitate, coordinate and conduct all information and education activities of the City Health Office on "swine flu";
2) monitor and track influenza-like illnesses in the City from all health facilities and hospitals;
3) monitor all commercial and backyard type pig farms for possible infections;
4) facilitate the transport of all suspect and probable cases to DOH-designated referral hospitals; and
5) ensure the protection of all of the City's health workers while attending to all cases. ■ **MS. JEHAN D. TORDA**

## TAMANG PAMASAHE SA TRICYCLE!

**Ang bagong pamasahe sa Tricycle ay Pitong piso (Php 7.00) para sa unang kilometro at karagdagang piso (Php 1.00) sa bawat kilometro. Sa special trip ang minimum ay Dalawampu't Isang piso (Php 21.00) at karagdagang Tatlong piso (Php 3.00) sa bawat kilometro.**



**Ref: City Council Ordinance No. 36 Series of 2009 dated February 4, 2009.**

epektibong Maglingkod project


## Vice Mayor Eric M. Martinez



# e-CARD 300+

**Libo-libong miembro na ang natulungan**

Marami na ang natulungan ng ating Vice Mayor Eric M. Martinez sa kanyang proyektong E-CARD 300+ at patuloy pang pinalalawak ang serbisyo para sa kapakanan ng nakararami. Sa pamamagitan ng



paggamit ng E-CARD 300+ Hospitalization Assistance Program "for Hospital Confinement", ito ay katugunan sa problema at pangangailangan ng ating mga kababayan na naconfine sa ospital. Sa loob ng dalawang taon, 2,556 miembro ang nakagamit na ng kanilang E-CARD 300+ I.D.

"Napakalaking tulong para sa aming pamilya ang E-CARD 300+ nagamit ko ito nang naospital ang aking anak bilang karagdagang kabayaran sa aking hospital bill at naidagdag ko pa sa pambili ng gamot" ayon kay Gng. Susan Sabado ng Bgy. Mapulang Lupa.



Si Vice Mayor Eric Martinez (dulo, kaliwa) kasama ang mga miembro ng E-CARD 300+

Kaya sa inyong lahat, kunin ang pagkakataon at maging miembro ng E-CARD ng Bayan, ang Card na laging handang umagapay sa oras ng pangangailangan.

Para sa anumang katanungan tungkol sa paggamit ng E-CARD 300+ magsadya sa Tanggapan ng Pangalawang Punong Lungsod Eric Martinez sa 3rd Floor Valenzuela Convention Center, Maysan Road, Malinta, Valenzuela City o tumawag sa telepono blg. 292 0211 loc. 222 or 286 at 292 2771. ■

**COUNCILOR'S REPORT**

Coun. Gerry Esplana



# SWAK SA UHAW:

## Malinis na Tubig Para sa Mahihirap

Dahil sa kakulangan ng malinis at ligtas na inumin sa hanay ng mga maralita, inilunsad ng SWAK Foundation, Inc. ang SWAK SA UHAW-proyekto na naglalayong bigyan ng access ang mahihirap sa malinis at ligtas na inumin. Ang SWAK water refilling station, ay nagbibigay ng distilled water sa pinaka mahihirap na pamilya sa Malanday at sa mga kalapit na barangay.

"May ilang urban poor areas na wala pa ring access sa malinis na inumin," pahayag ni Gelene de Leon, project director ng SWAK Foundation. "Ina-address ng project na ito ang problema sa safe drinking water.




Malaking tulong din ito sa mga ina na gumagamit ng infant formula para sa kanilang mga anak dahil hindi na kailangang magpakulo ng tubig.

"Nilinaw din ng SWAK na ang programa ay para lamang sa "poorest of the poor" o sa pinakamahihirap nating kababayan. Ginagawa ito ayon kay de Leon para maiwasan ang pagsasamantala ng iba na gawing negosyo at pagkakitaan ang tubig na para sa mga maralita.

Sa ilalim ng proyekto, binibigyan ang qualified na beneficiary ng access card at meron ding donasyon. Ayon kay de Leon, ang pagbibigay ng donasyon ay nagtitiyak na hindi magiging dole out ang proyekto. "Ang motto ng SWAK Foundation ay 'Helping People Help Themselves'.

Kung hindi ii-encourage ang pagbibigay ng donasyon, magmumukha itong dole out at hindi tayo totoong makakatulong para mabago ang values o pagpapahalaga ng mahihirap nating kababayan."

Positibo ang naging tugon ng mga maralita sa nasabing proyekto. Ngayon pa lang, nakakatanggap na ang SWAK Foundation ng mga request na magtayo ng katulad na water refilling stations sa iba pang mga lugar.

Ang SWAK Foundation ay sinusuportahan ni Konsehal Gerry Esplana. Ang water refilling station sa Malanday ay itinataguyod din ni PB Fortunato "Kano" Aravilla. ■

**MR. JERRY B. GRACIO**

## REXponsableng Serbisyo

## Cong. REX Gatchalian

Representative, District 1, Valenzuela City



# Mag REXercise tayo, Bike for Health at REXponsableng Scholars

## Mag REXercise Tayo

Ang ***Mag REXercise Tayo Program*** ay malawakang inilunsad kasabay ang ***Kalusugan Caravan Medical and Dental Mission*** na bumababa sa bawat barangay ng primera distrito, ito ay maigting na isinusulong ni Cong. REX ang programang mag REXercise tayo sa pakikipagtulungan ng Ehersisyo Sa Puso na kinatatampukan ng AEROBICS, TAEBO, at iba pa. tuwing miyerkules at sabado ika 7:00 ng umaga sa Polo Covered



Ang mga regular na lumalahok sa mag REXercise tayo kasama si FVM Tony Espiritu, 5 chapters ng REX Ladies, Ehersisyo sa Puso, at ESP Guild.

Court. Sa kasalukuyan nasa mahigit kumulang na 200 ang regular na dumadalo sa naturang ehersisyo.

**BIKE FOR HEALTH.**

Kaalinsabay sa pagdiriwang ng kaarawan ni Cong. REX, ay inilunsad sa unang pagkakataon ang REXbikers na may 343 ang lumahok kung saan, mapa bata, matanda, lalake, at babae na mahilig magbisikleta na nagmula sa 23 barangay ng unang distrito. Naisakatuparan ang BIKE FOR HEALTH sa pakikipagtulungan ni PB John Arenas ng Bgy. Poblacion. Ayon kay PB John hindi niya inaasahan ang dami ng lumahok sa naturang programa kaya nakasisiguro siya na hindi ito ang una at huling takbo ng REX bikers.



**REXPONSABLENG SCHOLARSHIP PROGRAM.**

Bunga ng puspusang pakikipag-ugnayan sa TESDA ay nabigyan ng katuparan ang REXponsableng Scholarship Program. Dahil nanini-wala si Cong. REX Gatchalian na sa pamamagitan ng malalim na kaalaman at tamang kasanayan, ang bawat mamamayan ay magiging handa para sa kanyang kinabukasan.



Mga TESDA REXponsableng Scholars tumanggap ng kanilang scholarship mula kay Cong. REX Gatchalian

Kung matatandaan, nakapaglunsad na din ng ganitong programa si Cong. REX, nauna na rito ang call center agent training course na umabot sa 186 scholars na nagsanay sa INFORMATICS, Nagkaroon din ng Shielded Metal Arc Welding Course mayroong ng 48 Scholars na nagsanay Sa Valenzuela Polytechnic College at 126 Care Giving scholars naman sa Our Lady of Lourdes College.

Sa batch na ito ay may mga kursong Automotive Servicing, Massage Theraphy, Building Wiring Installation, Consumer Electronics, Barista, Computer Animation, at SMAW.



Mga REXponsableng Scholars ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela na tumanggap ng scholarship grants

Bilang REXponsableng Scholar ng Bayan, ang kakayahan at likas na katalinuhan ay may magagawa para sa bayan, para sa kanilang pamilya at higit sa lahat para sa sarili. Sa pamamagitan ng disiplina at pagsisikap sa pag-aaral, pagpapalawak at pagpapaunlad ng tanging husay at kaalaman.

Abut–abot ang galak at pasasalamat ng 144 mag–aaral ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela para sa libreng pag–aaral na handog ni Cong. REX Gatchalian para sa kanila na naka programa hanggang sila'y makatapos ng kolehiyo sa kursong kanilang pinili. ■

## PANAWAGAN SA MGA MAY KAPANSANAN

Itinataguyod ng Lungsod ng Valenzuela ang karapatan ng mga may kapansanan. Si Mayor WIN Gatchalian at si Councilor Adrian Dapat, ang Action Officer ng ***Disabled Person Affairs Committee*** (DPAC) ay nananawagan sa lahat ng may kapansanan na magparehistro sa City Social Welfare and Development Office (CSWDO) Cecilio Santos St., Old City Hall, Malinta, Valenzuela City, telepono bilang 294 2293.

Pwede ring magparehistro sa inyong mga Bgy. Health Center upang makakuha ng I.D. na magbibigay ng 20% diskwento at mga benipisyo. Para sa iba pang impormasyon maaring tumawag sa telepono bilang 294 0231.

## 2ND ROUND OF MOBILE PASSPORT SERVICES

Despite the temporary delay in the processing and releasing of passports due to minor technical difficulties encountered by the Department of Foreign Affairs, a total of 850 Valenzuelanos received their passports in the Mobile Passport Services project of the Liga ng mga Barangay at the SM Valenzuela Event Center on April 18 and 23, 2009.

Valenzuela City began the Mobile Passport Services project in July 2008. Councilor and Liga ng Barangay President Alvin Feliciano initiated the project, which aims to ease procedures in securing the vital document for travelling outside the country.



Coun. Alvin Feliciano with his staff alphabetically sorting passports during its distribution on the Mobile Passporting last April 23 @ SM Valenzuela

Valenzuela City Mayor Sherwin T. Gatchalian said: "It would be a big help to Valenzuelanos who are aspiring to be employed overseas. Passport applicants will no longer need to go to the Department of Foreign Affairs in Pasay, and they don't need to spend a lot on food and transportation fare."


According to Mr. Venancio Delica, the staff-in-charge of the Liga ng mga Barangay (LnB), application forms have been distributed to 32 barangays. The applicants must submit necessary documents, such as a NSO-certified birth certificate and three pieces of passport-sized photos in royal blue background (applicant must wear collared dress). Applicants can also bring a marriage contract, Professional Regulatory Commission ID, driver's license, government service record, SSS ID, or a school transcript of records. They must submit necessary documents to the Liga ng mga Barangay Office located at the Valenzuela City Convention Center.

Personal appearance is a requirement for all passport applicants except for minors who are 8 years old and below and senior citizens who are 65 years old and above. The Mobile Passport Service will not accept applications for the replacement of lost valid passports but will entertain applications for lost expired passports. The mobile passport fee is P 750.00. The next round of the Mobile Passport Services is set for July. The processing of passports at Mobile Passport Services is guided by the Philippine Passport Act of 1996 and its implementing rules and regulations, other relevant Department Orders, Circulars and Memoranda. ■

**MS. JEHAN D. TORDA**

## EMPLOYMENT FOR VALENZUELANOS

The City Government of Valenzuela through the PUBLIC EMPLOYMENT SERVICE OFFICE and in coordination with the Bureau of Local Employment, Department of Labor and Employment, Liga ng mga Punong Barangay at Kagawad, the Business, Educational and Youth Sector, The Human Resources and Personnel Managers of the City in its 1st General Assembly with the theme: "Together–Handling the Unemployment Concerns and Issues: The Impact of Global Economic Crisis"



Ms. Miriam Carreon giving her speech during Valenzuela City 2nd General Assembly with the theme: Together Handling the Unemployment Concerns and Issues: The Impact of Global Economic Crisis, last April 23 at Valenzuela City Auditorium

The Job matching activity was conducted at the SM Valenzuela Event Center in Karuhatan this city during the ***3-Day Birthday Job Fair of Mayor WIN Gatchalian*** last April 1-3, 2009.

There are 2,100 total registered applicants for both local and overseas employment. With 4,730 job vacancies solicited, qualified applicants is 872, hired on the spot is 114 applicants, and for further interview is 1,817.



Applicants swarmed to SM Valenzuela Event Center during the 3-day Birthday Job Fair of Mayor WIN Gatchalian last April 1-3, 2009

And the participants during the Labor Day 2nd Supermalls Nationwide Job Fair, are 31 companies with a total of 2,440 job vacancies. Record shows that there are 395 male and 562 female applicants that resulted to 405 qualified applicants and 10 on the spot hiring. ■

**MS. LUNINGNING MARTIN**

## PhilHealth Card ipinamahagi!

Ang Lokal na Pamahalaan ng Lungsod ng Valenzuela sa Pangunguna ni Mayor WIN Gatchalian at ni Ms. Dorothy Evangelista, hepe ng Special Projects Office ay nagsagawa ng ***PhilHealth Distribution*** na may temang ***"Una ang Kalusugan ng Bawat Pamilya sa Valenzuela"*** bahagi ito ng Comprehensive Health and Social Welfare Program. Ginanap ang magkakasunod na pamamahagi sa Bgy. Bignay, Bgy. Canumay at Bgy. Wawang Pulo noong ika-23 ng Mayo na umabot sa kabuuang 311 PhilHealth-Family Health Card ang naipamahagi sa hanay ng piniling mga mahihirap na mamamayan.

Ang 168 ay naibahagi sa mga mamamayan ng Northville 2, Bgy. Bignay; 76 sa mga naninirahan sa Salambao St., Bgy. Wawang Pulo at ang 67 ay naibahagi sa mga mamamayan sa F. Lazaro St., Bgy. Canumay.

Pangunahin sa layunin ni Mayor WIN ang kalusugan at kaayusan ng bawat Valenzuelano, kaya naman siya mismo ang nag-abot sa mga naturang PhilHealth Card at ang tangi niyang hiling ay ang ***maayos na pagpaplano ng pamilya*** upang mapangalagaan ang kalusugan at ang kinabukasan ng bawat pamilya sa Lungsod ng Valenzuela.

Sa kasalukuyan ay umaabot na sa 6,804



Ipinamahagi ni Mayor WIN Gatchalian ang benepisyo ng PhilHealth Card at ipinaliwanag ang kahalagahan nang maayos na pagpaplano ng pamilya noong ika-23 ng Mayo sa F. Lazaro St., Barangay Canumay

ang bilang ng napagkalooban ng PhilHealth Card at patuloy pa rin ang pamamamahagi. Para sa mga karagdagang katanungan patungkol sa PhilHealth Card, maaaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng Special Projects Office telepono bilang 352 1000 local 1828 at hanapin si Ms. Jobelle Baniago. ■

**VALENZUELA NGAYON**
Publisher : CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA
**Editorial Board**
Chairman: MR. PHILIP A. ENCARNACION
Vice-Chairman: REV. IBES L. PALILEO
Members: MS. MARITHER S. MENIA
COUN. ALVIN S. FELICIANO
FCC LORIE N. BORJA
MS. DOROTHY G. EVANGELISTA
MR. ULYSSES C. AGUILAR
MS. AURORA L. MAGHUYOP
MS. ROSARIE R. CARLOS

Graphic Artist : MR. ALLAN C. TAMPADONG
News Coordinator : MR. JONATHAN A. LICUAN
Photographer : MR. ERWIN M. MARASIGAN
Secretary: MS. LORNA O. ELARDO
Contributors:
MR. FIL DE GUZMAN MS. LUNINGNING MARTIN
MS. JEHAN D. TORDA CONG. REX GATCHALIAN
MS. ROSARIE CARLOS VICE MAYOR ERIC MARTINEZ
MS. PIA DIZON COUN. GERRY A. ESPLANA
MS. MA. JENNICA SY MS. ELENITA M. REYES

VALENZUELA NGAYON is a bimonthly publication of the City Government of Valenzuela. It accepts contributions for publication but reserves the right to edit any manuscript for reasons of grammar, spelling, propriety and space. All opinions expressed in any article are those of the author and do not necessarily reflect those of the paper. For comments, suggestions, and manuscripts, please address them to the City Publication Unit, Public Information Office, 1st floor Executive Bldg., Mc Arthur Highway, Malinta, Valenzuela City, or you may call us at telephone number 352-1000 local 1141.

